

Kagamitan ng Eupemismong Meranaw at Tungkuling Panlipunan Nito

Edna M. Alon

Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Humanidades,
Paaralang Graduwado, Pamantasang Bayan ng Mindanao
edna.alon@msugensan.edu.ph

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa Kagamitan ng Eupemismong Meranaw at Tungkuling Panlipunan nito. Ito ay dinesenyuhan ng diskriptibong uri ng pananaliksik na gamit ang *Politeness at Sex and Politeness* bilang teorya. Layunin ng pag-aaral na ito na makalap ang mga eupemismong ginagamit ng mga Meranaw; matukoy ang mga kagamitang taglay ng eupemismong Meranaw; malaman ang tungkuling panlipunan ng mga eupemismong Meranaw; at mailahad ang implikasyon ng eupemismong Meranaw sa pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon sa lipunan.

Ang paggamit ng mga eupemismo ay nag-uugnay sa kagamitan at tungkulin nito sa lipunan. At ang mga kagamitan na ito ay maaring sa larangan ng pakikipagtalastasan sa araw-araw, sa magka-ibang kasarian, antas ng lipunan, at pananaw ng bawat indibidwal. Sa mga kagamitan na ito nakatago ang mga tungkulin nito sa lipunan gaya ng tungkulin ng *kagandahang asal*, *pagtakpan ang katotohanan*, *umiwas sa paggamit ng mga salitang taboo*, at *magkaila*. Ang paggamit ng eupemismo sa pakikisalamuha sa harap ng isang tao o maging sa pampublikong lugar ay tanda ng pagkakaroon ng magandang ugali at pagiging marespeto sa kapwa. Layunin ng mga salitang eupemismo na pagaanin ang mga bagay o sitwasyon na para sa iba ay masakit at nakakasaling dandamin. Sa pamamagitan ng pagbihis dito ng mga kaaya-ayang salita na kung hindi man nakasisiya ay nakakabawas naman ng sakit na nararamdaman.

Mga susing salita: *eupemismo*, *eupemistikong pagpapahayag*, *tungkulin ng eupemismo*, *kagamitan ng eupemismo*, *Meranaw*, *salitang taboo*, *kagandahang asal*

PANIMULA

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa Kagamitan ng Eupemismong Meranaw at Tungkuling Panlipunan nito. Piniling pag-aralan ng mananaliksik ang pamagat na ito sapagkat naniniwala siya na maraming taglay na eupemismo ang wikang Meranaw at sa pamamagitan ng pag-aaral na ito magkakaroon ng pangkalahatang kaalaman ang mga Meranaw sa kahalagahan ng paggamit ng eupemismong pagpapahayag. Ang paggamit ng wika ay maituturing na mahiwaga sapagkat hindi natin namamalayan na napapasunod na pala tayo nito. Bagama't may ilang sitwasyon na hindi kanais-nais ay nagagawa itong paga-anin dahil sa paggamit ng magagandang salita. Ito ay ang tinatawag na eupemismo. Maituturing na ang paggamit ng eupemismo ay sumasalamin sa kulturang taglay ng isang partikular na tribo sa isang lugar.

Ayon kay Gomez (2009), tinatawag na eupemismo ang mga magagalang na salita upang hindi hayagang ipahayag ang masakit na katotohanan nang sa gayon ay hindi masasaktan ang taong tatanggap nito. Binanggit naman ni Holder (2002) na ginagamit ang eupemismo kung ang pinag-uusapan ay mga taboo na salita (*sensitibong salita*). Samakatuwid, ang eupemismo ay ang lenggwaheng ginagamit para umiwas na makasakit ng tao, pagmamaang-maangan sa isang bagay, at hindi pagsasabi ng totoo.

Sa pag-aaral na ito, binigyang pansin ang mga kagamitan ng eupemismong Meranaw at ang tungkuling panlipunan nito. Sinubukan ng mananaliksik na kilalanin ang mga kagamitan ng eupemismong Meranaw ayon sa mga sumusunod: *eupemismo mula sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, eupemismong ginagamit mula sa magkaibang kasarian, eupemismo mula sa iba't ibang antas ng lipunan, at eupemismong mula sa pananaw ng bawat indibidwal* sa pamamagitan ng personal na pagdalo sa iba't ibang okasyon ng mga Meranaw katulad ng *peace settlement*, kasal, at *barangay assembly* ay nagawang makalap ang mga eupemismo ng mga Meranaw. Ninais din ng mananaliksik na mailahad ang tungkuling panlipunan ng mga eupemismong Meranaw partikular na sa mga sumusunod: *tungkulin ng kagandahang asal, tungkuling pagtakpan ang katotohanan, tungkulin sa pag-iwas sa mga salitang taboo, at tungkuling magkaila*. Nagkaroon ng interes ang mananaliksik na pag-aralan ang tungkol sa mga kagamitang taglay ng eupemismong Meranaw at tungkuling panlipunan nito sapagkat bilang isang Meranaw ay napapatanong sa sarili kung bakit nga ba kapag sinasabi ng ibang tao ang kamalian natin ay nakakaramdam na tayo ng hindi maipaliwanag na emosyon at ang nagiging resulta nito ay hindi pagkakaunawaan. Paano

maiiwasan ang mga ganitong sitwasyon? Naniniwala ang mananaliksik na sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay mabubuksan ang isipan ng mga mambabasa sa mga salitang dapat na gamitin kung mayroong man tayong nais na iparating sa ating kapwa.

Batayang Teoritikal

Sa bahaging ito inilalahad ng mananaliksik ang mga teoryang kasangkot sa ginawang pag-aaral na may kinalaman sa Kagamitan ng Eupemismong Meranaw at Tungkuling Panlipunan. Ito ay ang sumusunod: **Teoryang Face-Work ni Goffman (1955)**, **Politeness nina Brown at Levinson (1987)**, **Sex at Politeness Theory ni Lakoff (1975)**. Sa pagsusuri sa mga Kagamitan ng Eupemismong Meranaw at Tungkuling Panlipunan nito ay ginamit ang iba't ibang teorya upang maging gabay at higit sa lahat bilang angkla sa pagbibigay ng mabisang interpretasyon sa mga datos upang ito'y mabigyan ng kabuluhan.

Teoryang Face-Work. Lahat ng tao'y nabibilang sa isang espesipikong grupo kung kaya't ito ay inaasahan na magkakaroon ng respeto sa kanyang sarili higit kaninuman; ang tao din ay inaasahan na magkakaroon ng malawak na pang-unawa lalo na sa usaping damdamin; ang pagsalba sa kahihyan ng kapwa ay kinakailangan maluwag sa damdamin at kusang loob na ibinibigay dahil ang emosyon ay masasabing kakilanlan. Para sa ibang tao naipapakita ang kanilang katauhan sa pamamagitan ng pagpapakita o pagpapalabas ng emosyong kanilang nararamdaman (Goffman, 1955).

Dagdag pa nito, ang salitang “*face*” ay tumutukoy sa positibong ugali ng isang tao na ipinapakita nito sa lipunan. Samakatuwid, mayroong dalawang uri ng “*face*”, maaring ito ay *positive face* at *negative face*. Para kina Brown at Levinson (1987), ang *positive face* ay kagustuhan ng isang miyembro na maging kanais-nais para sa sarili nang hindi hinihingi ang suporta ng iba. Ang kagustuhan na ito ay maaring tungkol sa pag-ibig, edukasyon, katapatan, at sa mga bagay na nais puntahan ng isang tao maaring lugar, mag-aral, manood, at iba pa. Ang kagustuhan na ito ay nagaganap sa tuwing nakikisalamuha ang isang miyembro sa lipunan o grupo. Samantalang ang *negative face* ay kadalasang sinasabi na kabaliktaran ng *positive face* subalit hindi naman sapagkat ang *negative face* ay ang kagustuhan din ng isang miyembro tungkol sa isang bagay kaakibat ng pagnanais na suportahan ito ng iba pang miyembro. Halimbawa, kung nais ng isang miyembro na mag-aral mag-isa sa library ibig sabihin ay ayaw nitong magpadisturbo at inaasahan ito na susuportahan ng iba pang miyembro; ngayon, kung mayroong dumating at sinimulang makipag-usap, dito na pumapasok ang *negative face*.

Politeness Theory. Batay kina Brown at Levinson (1987) sa kanilang teorya tungkol sa **Politeness** (kagandahang asal), ginagawa ito ng mga tao dahil sa paniniwala na kung ano man ang unang ipakita mo ay iyon na ang magiging huli; mahalaga para sa mga tao ang impresyong makikita sa kanila ng kapwa nila. Kaya minamabuti na lamang nila na makitungo ng maayos sa pamamagitan ng paggamit ng eupemismo nang sa gayon ay hindi sila makasakit ng kapwa. Ang tinukoy nina Brown at Levinson (1987) na impresyon ay nauuri sa dalawa: ang **positibong impresyon**, ito ay pagnanais na magpakita ng magandang ugali sa lahat; at ang **negatibong impresyon**, ito naman ay pagsang-ayon sa opinyon ng isang tao nang hindi man kinokonsedira ang mga taong nakapaligid. Dahil lahat ng tao ay binibigyang halaga ang pakikitungo ng mabuti, maganda nang ipagpatuloy ng isang tao ang paniniwala sa positibong impresyon nang sa gayon ay magkaroon siya ng maraming kaibigan; sa kabilang banda naman, ang taong nagpapakita ng negatibong impresyon ay para na niyang inilalayo ang kanyang sarili na makisalamuha sa mga tao.


Sex and Politeness Theory. Marami ang nagsasabi na mas magalang ang mga babae kumpara sa mga lalaki. Marami na rin ang nag-aral kung bakit nga ba ang mga babae ay magaling gumamit ng magagandang salita na kaiba sa paraan ng pagsasalita ng mga lalaki. Sinubukang siyasatin ni Lakoff (1975) ang dahilan kung bakit nga ba mas magaling makitungo ang mga babae kumpara sa mga lalaki. Ayon sa kanya, ang pinakadahilan nito ay lipunang kanilang pinagsasaluhan: ang mga lalaki ay mayroong sariling pagkakaunawaan na sila lamang ang nagkakaintindihan kahit hindi na gumamit ng maraming salita; samantalang ang mga babae ay mas pinipiling huwag magsalita. Ang grupo ng mga lalaki ay resulta ng pakikisalamuha sa kapwa lang din na lalaki; nagkakaroon lamang ng hindi pagkakaunawaan kapag hindi nila gusto ang isat-isa, subalit sa mga babae ay mas pinipili nila na makasama ang kanilang mga anak.

Ang teoryang ito ay may mahalagang ginampanan sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik sapagkat binibigyang diin dito ang gumagamit at pinanggamitan ng wika sa isang lipunan. Sa madaling salita, ninais ng pag-aaral na ito na alamin kung sino- sino ba ang kadalasang gumagamit ng eupemismong pagpapahayag sa lipunan. Ginamit ang mga teoryang mayroong kinalaman sa eupemismo upang mapagtibay ang mga datos na sinuri at binigyan ng interpretasyon.

Konseptuwal na Balangkas

Figura 1

Iskematik na Dayagram ng Pag-aaral



1. Suliranin ng Pag-aaral

- 1.1 Ano-ano ang mga eupemismong Meranaw?
- 1.2 Ano-ano ang mga kagamitang taglay ng eupemismong Meranaw?
- 1.3 Ano-ano ang tungkuling panlipunan ng mga eupemismong Meranaw?
- 1.4 Ano ang implikasyon ng eupemismong Meranaw sa pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon sa lipunan?

2. Paraan ng Pangangalap ng Datos

Upang ma-itaya ang kagamitan ng eupemismong Meranaw at ang tungkuling panlipunan nito ay kumalap ang mananaliksik ng mga eupemismo sa mga okasyong nagaganap katulad ng kasal, *peace settlement*, at *barangay assembly*. Sinikap ng mananaliksik na makarating sa mga nasabing okasyon.

Habang nasa okasyon, nirekord at pinakinggan nang paulit-ulit ang mga boses na nag-uusap at nagbibigay ng mga talumpati. Pagkatapos, inilista ang mga salitang nagtataglay ng eupemismo.

2.1 Pagkilala sa mga Kagamitang Taglay ng Eupemismong Meranaw

Pagkatapos mailista ng mananaliksik ang mga eupemismong ginagamit ng Meranaw ay tinukoy na nito kung ano-ano ang mga kagamitang tinataglay nito sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-iinterpret sa mga pinaggagamitan nito, ang mga kagamitang taglay ay kinapapalooban ng mga sumusunod: eupemismo mula sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, eupemismong ginagamit mula sa magkaibang kasarian, eupemismo mula sa iba't ibang antas ng lipunan, at eupemismong mula sa pananaw ng bawat indibidwal.

2.2 Paglalahad sa mga Tungkuling Panlipunan ng Eupemismong Meranaw

Pagkatapos matukoy ang mga katangiang taglay ng eupemismong Meranaw, muli'y inilahad ang mga tungkuling panlipunan nito sa lipunan, sa paglalahad na ito, makikita ang mga sumusunod: tungkulin ng pagiging magalang, tungkuling pagtakpan ang isang katotohanan, tungkulin sa pag-iwas ng mga salitang taboo, at tungkuling magkaila.

2.3 Pagtumbas ng Datos sa Filipino

Binigyang halaga ng mananaliksik ang wikang Filipino, sapagkat sa pamamagitan nito mauunawaan at malalaman ng mga ibang mambabasa na ang pangunahing wika ay hindi ang wikang Meranaw ang katumbas ng mga eupemismong Meranaw. Ito ay dumaan muna sa isang balidasyon ng mga eksperto sa pagtumbas.

2.4 Ebalwasyon ng Pagtumbas

Binasa muli ng mananaliksik ang mga naisagawang pagtutumbas sa mga eupemismo ng wikang Meranaw upang malaman at maiwasto ang mga salitang nakaligtaan. Ang mga tumbas sa wikang Filipino ay muling ri-nebisa at paulit-ulit na binasa.

3. Balidasyon ng Datos

Ang mga nakalap na datos na may kinalaman sa katangian ng eupemismong Meranaw at tungkuling panlipunan nito ay sumailalim sa dalawang uri ng balidasyon: ang pagpapabalideyt ng mga eupemismong Meranaw at pagtutumbas nito sa wikang Filipino.

3.1 Balidasyon ng Eupemismong Meranaw

Sa balidasyon ng pag-aaral, naghanap ang mananaliksik ng tatlong balideytor na mayroong sapat na kaalaman sa eupemismong Meranaw nang sa gayon ay masiguradong tama ang mga eupemismong nakalap ng mananaliksik mula sa mga okasyon ng mga Meranaw.

3.2 Balidasyon ng Pagtumbas sa Filipino

Sa balidasyon ng pag-aaral, naghanap ng tatlong balideytor na mayroong sapat na kaalaman sa wikang Meranaw at wikang Filipino pagkatapos mailista ang mga eupemismong Meranaw, ito ay tinumbasan sa wikang Filipino at saka ipina-balideyt sa mga balideytor upang maiwasto ang mga kamalian sa pagtutumbas mula pa rin sa mga okasyon ng mga Meranaw.

4. Paraan ng Pag-analisa ng Datos

Ninonais ng mananaliksik na sa pagtatapos ng kanyang isinagawang pag-aaral ay nagawa niya ang mga sumusunod: **(1)** Paglilista, matapos ang pagbabasa nang pauli-ulit sa mga talumpati mula sa mga pulitiko o sulutan at aleem ay inilista ng mananaliksik ang mga taglay nitong eupemismo. **(2)** Pagkaklasipika sa kagamitang taglay ng eupemismong Meranaw ayon sa mga sumusunod: eupemismo mula sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, eupemismong ginagamit mula sa magkaibang kasarian, eupemismo mula sa iba't ibang antas ng lipunan, at eupemismong mula sa pananaw ng bawat indibidwal. **(3)** Pagsusuri sa mga tungkuling panlipunan ng eupemismong Meranaw batay sa mga sumusunod: tungkulin ng pagiging magalang,

tungkuling pagtakpan ang isang katotohanan, tungkulin sa pag-iwas ng mga salitang taboo, at tungkuling magkaila. (4) Paglalahad ng implikasyon ng eupemismong Meranaw sa pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon. (5) Pinal na datos, matapos ang lahat ng isasagawang paglilista at pagklasipika, pagsusuri, at paglalahad ng mananaliksik ay ihahanda na ang kanyang papel para simulan ang kanyang tsapter IV.

5. Instrumentong Ginamit

Tseklist ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito, kung saan nakatala ang lahat ng nakalap na mga eupemismo ng wikang Meranaw mula sa mga okasyon katulad ng mga sumusunod: kasal, peace settlement, at barangay assembly. Sa pamamagitan ng tseklist ay naisagawa ang pagpapabalideyt ng mga datos sa mga balideytor na napili ng mananaliksik.

Ang talahanayan na ito ay nagpresenta sa profile ng mga Balideytor.

Talahanayan I

Profile ng mga Balideytor

Pangalan	Edad	Address	Tauhin	Unang Wika	Okupasyon
Dr. Minombao R. Mayo		MSU-Marawi City	Babae	Meranaw	Dean Graduate School MSU- Main
Dr. Monaimah G. Manabilang	38	Iligan City	Babae	Meranaw	Professor MSU-Main
Dr. Asisah E. Ilupa	48	MSU-Marawi City	Babae	Meranaw	Professor MSU-Main
Bae a Condor Balindong, CPA	78	Malabang Lanao Del Sur	Babae	Meranaw	Retired Teacher and Accountant
Said S. Sinal	56	Passer, Malabang Lanao del Sur	Lalaki	Meranaw	Ustad/Teacher Malabang, LDS
Bonsa D. Baulo	67	Pantalan, Malabang Lanao del Sur	Lalaki	Meranaw	Ustad/Teacher Malabang, LDS

Sinadya ng mananaliksik na ipabalideyt sa mga may sapat na kaalaman sa wikang Meranaw ganoon din ang wikang Filipino ang

mga eupemismo ng wikang Meranaw. Makikita sa itaas ang ginawang talahanayan na may kinalaman sa impormasyon ng mga balideytor; mapapansin na ito ay binubuo ng anim na kolum. makikita sa unang kolum ang mga pangalan ng mga balideytor; sa ikalawang kolum naman ipinakita ang kani-kanilang mga edad; sa ikatlong kolum naman makikita ang lugar kung saan sila nakatira; sa ikaapat na kolum naman ipinakita ang kanilang tauhin; sa ikalimang kolum naman makikita kanilang mga tribo; at sa pang-huling kolum makikita ang kani-kanilang mga trabaho.

6. Kagamitan ng Eupemismong Meranaw

6.1 Gamit sa Pang-araw-araw na Pakikipagtalastasan

Batay sa isinagawang pag-aaral, napag-alaman na mayroong mga eupemismong ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ng mga Meranaw; ito ay ang mga sumusunod: *giyapos, kiyalingowan, mala i pananaguay, mawasa i modol, Miyakasukat, Miyakaumpiya*. Ayon kay Qi Pan (1987), ang **eupemismo sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan** ay malawak at mabilis lumago ang mga salitang eupemismo dala na rin ng impluwensya ng iba't ibang kultura, subalit kung may mga bagay na konektado sa kasarian at sekswal na relasyon ay mariin itong ipinagbabawal na gamitin. Halimbawa ang salitang “magtatalik”, sa halip na gamitin ito ay pinalitan ito ng eupemismong “matulog na tayo”.

Talahanayan 2

Gamit ng Eupemismo sa Pang-araw-araw na Pakikipagtalastasan

Gamit ng Eupemismo sa Pang-Araw-Araw na Pakikipagtalastasan	Literal na kahulugan sa wikang Filipino	Mga salitang Meranaw na ginamitan ng Eupemismo	Kontekstuwal na na Kahulugan sa Filipino
Giyapos	Hinarang	liyobed a mama	Menolitiya
Kiyalingowan	Napagkamalan	Biyuno	Pinatay
mala i pananaguay	Malaki ang pinaglalagyan	mala i kakan	Malakas kumain
mawasa i modol	Basa ang mga labi	busaw a datu	Matakaw na lider
Miyakasukat	nakakuha	miyawgat a raga	Nabuntis na dalaga
Miyakaumpiya	Nakatulong	Miyakabinasa	Nanira

Ang mga eupemismong nakikita sa talahanayan 1 ay ang kabuoang datos na nakalap mula sa mga okasyong Meranaw. Ito ay kabilang sa mga ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, sa madaling salita, ito ay madalas marinig sa mga Meranaw. Ang mga salitang ito ay *liyobed a mama, biyuno, mala i kakan, busaw a datu, miyawgat a raga at miyakabinasa*. Binihisan ng mga eupemismo upang magaan ang pagdinig dito ng tagalltanggap.

6.2 Gamit sa Pang-araw-araw na Pakikipagtalastasan

Lumabas sa pag-aaral na mayroong apat na eupemismong ginagamit sa magkaibang kasarian, ito ay ang mga sumusunod: *mitagumpiya, inawaan a bisita, minitulod so edad, miyambuway*. Ayon kay Qi Pan (1987), ang ***paggamit ng eupemismo sa magkaibang kasarian*** ay nagaganap sa iba't ibang bansa. Bawat salitang mayroong kaugnayan sa pisikal na kaanyuan ng isang babae ay maituturing na mga salitang taboo. Maging sa panahon ngayon, hindi tinatawag na “mataba” ang isang matabang babae. Sa halip ay “sumubra ang timbang” at iba pa na maaring makakapaglubag loob sa damdamin ng isang babae.

Talahanayan 3

Gamit ng Eupemismo sa Magkaibang Kasarian

Gamit ng Eupemismo sa Magkaibang Kasarian	Literal na kahulugan sa wikang Filipino	Mga salitang Meranaw na ginamitan ng Eupemismo	Kontekstuwal na na Kahulugan sa Filipino
Mitagumpiya	Naging matagumpay	Kiyawlitán	Tumaba
inawaan a bisita	Iniwán ng bisita	Tiyapkan	Menopos
minitulod so edad	Lumarga na ang edad	miyaloks a raga/ mangoda	Tumandang dalaga/ binata
Miyambuway	Tumagal	Lokes	Matanda

Ang mga eupemismong nakikita sa talahanayan 2 ay ang kabuoang datos na nakalap mula sa mga okasyong Meranaw. Ito ay kabilang sa mga eupemismong ginagamit sa magkaibang kasarian. Ibig sabihin nagkakaroon ng restriksyon sa mga salitang dapat gamitin ng lalaki sa babae ganoon din ang babae sa lalaki.

6.3 Gamit sa Magkaibang Antas

Ayon sa resulta ng pag-aaral napag-alaman na mayroong walong eupemismo ang ginagamit sa magkaibang antas: *tagikor, rumiyoran sa pura, pud ko inikadakla, malengga ka i ukor, Dumika, di sungko sungkor*

i buntal, da a torogan iyan. Ayon kay Qi Pan (1987), **ginagamit ang eupemismo sa iba't ibang antas ng lipunan.** Ito ay mayroong tatlong uri ng antas ng lipunan na maituturing na talamak sa lipunan mula noon hanggang ngayon. Pinangalanang: mataas, gitna, at mababang uri ng antas sa lipunan. Masasabing, lahat ng antas na ito ay gumagamit ng mga eupemismo.

Talahanayan 4

Gamit ng Eupemismo sa Magkaibang Antas

Gamit ng Eupemismo sa Magkaibang Antas	Literal na kahulugan sa wikang Filipino	Mga salitang Meranaw na ginamitan ng Eupemismo	Kontekstuwal na na Kahulugan sa Filipino
Tagikor	Katulong	Bisaya	Inampon
rumiyoran sa pura	Nagdala ng pampura	kiyadaan sa bali	Nawalan ng halaga
malengga ka i ukor	Walang suwerte	di pkatoon sa galbuk	Hindi makahanap ng trabaho
Dumika	Nagpahinga	kiyadaan sa galbuk	Nawalan ng trabaho
di sungko sungkor i buntal	Walang katulad ang mukha	marata i buntal	Pangit ang mukha
da a torogan iyan	Walang malaking kaharian	da a walay niyan	Walang bahay
kalilid a taw	Ordinaryong tao	di mapiya a taw	mababang uri ng tao
miyataman taribasok	Naging abala sa pagsasaka	da miyapasad iyan	Walang natapos

Hindi maipagkakaila na ang lipunan ng mga Meranaw ay binubo ng tatlong antas, maaring mayaman, katamtaman lamang, o di kaya ay mahirap. Dahil dito sumibol ang gamit ng eupemismo mula sa iba't ibang antas at narito ang mga salitang Meranaw na ginamitan ng eupemismo: *Bisaya, kiyadaan sa bali, di pkatoon sa galbuk, kiyadaan sa galbuk, marata i buntal, da a walay niyan, di mapiya a taw, at da miyapasad iyan.*

6.4 Gamit sa Pananaw ng Indibidwal

Batay sa isinagawang pag-aaral napag-alaman na mayroong mga eupemismong ginagamit ang isang indibidwal na mga Meranaw, ito ay ang mga sumusunod: *apiya miyatampar ko allah, ipon ipon sa likod n dadapuan sa tiyan, masablaw, maukap-ukap, maada, malanat i galbuk, pilandok kadun akie.* **Ginagamit sa pananaw ng indibidwal,**

pinaniniwalaan na ang tao ay nakakalikha ng mga salitang kaaya-aya bilang panghalili sa mga salita na hindi kaaya-ayang pakinggan para sa ibang tao. Ang ganitong ugali ng isang tao ang patuloy na lumalaganap simula pa noong unang panahon (Qi Pan, 1987).

Talahanayan 5

Gamit ng Eupemismo sa Pananaw ng Indibidwal

Gamit ng Eupemismo sa Pananaw ng Indibidwal	Literal na kahulugan sa wikang Filipino	Mga salitang Meranaw na ginamitan ng Eupemismo	Kontekstwal na na Kahulugan sa Filipino
apiya miyatampar ko allah	Kahit makuha siya ni Allah	apiya kiyagtan	Bahala siya
ipon ipon sa likod na dadapuan sa tiyan	Hinihipo sa likod subalit tinatayuan naman ang tiyan	Makatipo	Traydor
Masablaw	Palabiro	Takabor	Sinungaling
Maada	Nawawala	Pembtungun	Wala sa tamang pag-iisip
malanat i galbuk	Mabagal magtrabaho	Kalusak	Tamad
pilandok kadun akie	Pilandok ka talaga	mapasang i kapangakal	Nang-uuto

Ang bawat indibidwal ay may kakayahan na magsabi ng kanyang opinyon tungkol sa isang bagay subalit kailangan maging matalino sa paggamit ng mga salita upang hindi makasaling sa damdamin ng iba. Sa ganitong paraan ang paggamit ng eupemismo ng isang indibidwal ay lubos na nakakatulong. Samantala, sa wikang Meranaw makikita din ang paggamit ng eupemismo sa mga salitang hindi kaaya-aya sa pandinig ng mga tao lalo na sa tagatanggap. Ang mga salitang ito ay ang mga sumusunod: *Makatipo, Makatipo, Takabor, Pembtungun, Kalusak at mapasang i kapangakal*.

7. Tungkuling Panlipunan ng Eupemismong Meranaw

7.1 Tungkuling Panlipunan bilang Kagandahang Asal

Ang mga eupemismong Meranaw na nabanggit sa mga naunang talahanayan sa itaas ay mayroong tungkuling panlipunan na siyang dahilan kung bakit ito binibigkas. Isa na rito ay ang tungkulin panlipunan nito bilang pagpapakita ng kagandahang asal. Narito ang mga eupemismo na nagpapakita ng kagandahang asal: *rumiyoran sa*

pura, mala i pananaguay, inawaan a bisita, da a torogan iyan, kalilid a taw, miyambuway.

Talananayan 6

Tungkuling Panlipunan bilang Kagandahang Asal

Tungkuling Panlipunan ng Eupemismong Meranaw bilang Kagandahang Asal	Literal na kahulugan sa wikang Filipino	Mga salitang Meranaw na ginamitan ng Eupemismo	Kontekstuwal na na Kahulugan sa Filipino
rumiyoran sa pura	Nagdala ng pampura	kiyadaan sa bali	Nawalan ng halaga
mala i pananaguay	Malaki ang pinaglalagyan	mala i kakan	Malakas kumain
inawaan a bisita	Iniwan ng bisita	Tiyapkan	Menopos
da a torogan iyan	Walang malaking bahay	da a walay niyan	Walang tahanan
kalilid a taw	Ordinaryong tao	di mapiya a taw	mababang uri ng tao
Miyambuway	Tumagal	Lokes	Matanda

Sinabi nila Brown at Levinson (1987) sa kanilang teorya tungkol sa **Politeness** (kagandahang asal), ginagawa ito ng mga tao dahil sa paniniwala na kung ano man ang unang ipakita mo ay iyon na ang magiging huli, mahalaga para sa mga tao ang impresyong makikita sa kanila ng kapwa nila. Kaya minamabuti na lamang nila na makitungo ng maayos sa pamamagitan ng paggamit ng eupemismo nang sa gayon ay hindi sila makasakit ng kapwa nila tao. Ibig sabihin, nagpapakita ang mga Meranaw ng kagandahang asal sa paggamit nila ng mga eupemismo.

7.2 Tungkuling Panlipunan upang Pagtakpan ang Katotohanan

Isa din sa mga Tungkuling Panlipunan ng Eupemismong Meranaw ay pagtatakip sa katotohan. May mga salita sa Meranaw na hindi kanais-nais ang hatid nitong kahulugan para sa komunidad o sa tagatanggap nito kung kaya't sa halip na gamitin ito ay nakalikha ang Meranaw ng eupemismong ang intensyon ay pagtakpan ang katotohanan. Ang mga salitang ito ay ang sumusunod: *Miyakasukat, Mitagumpiya, malengga ka i ukor, Dumika, di sungko sungkor i bunta.*

Talahanayan 7

Tungkuling Panlipunan upang Pagtakpan ang Katotohanan

Tungkuling Panlipunan ng Eupemismong Meranaw upang Pagtakpan ang Katotohanan	Literal na kahulugan sa wikang Filipino	Mga salitang Meranaw na ginamitan ng Eupemismo	Kontekstuwal na na Kahulugan sa Filipino
Miyakasukat	Nakakuha	miyawgat a raga	Nabuntis na dalaga
Mitagumpiya	Naging matagumpay	Kiyawlitán	Tumaba
malengga ka i ukor	Hindi makahanap ng trabaho	di pkatoon sa galbuk	Walang suwerte
Dumika	Nagpahinga	kiyadaan sa galbuk	Nawalan ng trabaho
di sungko sungkor i buntal	Walang katulad ang mukha	marata i buntal	Pangit ang mukha

Batay kina Allan at Burridge (1996), dalawa ang eupemismo ay ginagamit upang paggaanin ang isang bagay o usapin lalo't kung ang mga salita ay nakakawala ng dignidad marapat lamang na gamitin ang eupemistikong pagpapahayag.

7.3 Tungkuling Panlipunan upang Magkaila

Ang sumunod na Tungkuling Panlipunan ng Eupemismong Meranaw ay Magkaila. Bagamat ang pagkakaila ay mayroong pagkakatulad sa pagtatakip ng katotohan, hindi ito maituturing na magkatulad sapagkat ayon kay Qi Pan (1987), ang paggamit ng **pagkakaila sa** eupemismo ay may intensiyon na pagandahin ang mga salitang mayroong hindi kaaya-ayang kahulugan at hindi lahat ay may layunin ng pagpapakita nang magandang motibo. Lumabas sa pag-aaral na limang eupemismo ang nagtataglay ng pagkakaila bilang tungkulin nito sa lipunan, ito ay ang mga sumusunod: *tagikor*, *mikurang so tamok*, *malanat i galbuk*, *minitulod so edad*, *miyataman taribasok*.

Talahanayan 8

Tungkuling Panlipunan upang Magkaila

Tungkuling Panlipunan ng Eupemismong Meranaw upang Magkaila	Literal na kahulugan sa wikang Filipino	Mga salitang Meranaw na ginamitan ng Eupemismo	Kontekstuwal na na Kahulugan sa Filipino
Tagikor	Inampon	Bisaya	Katulong
mikurang so tamok	Nababawasan ang kayamanan	Miyapobre	Naghirap
malanat i galbuk	Mahina magtrabaho	Kalusak	Tamad

Tungkuling Panlipunan ng Eupemismong Meranaw upang Magkaila	Literal na kahulugan sa wikang Filipino	Mga salitang Meranaw na ginamitan ng Eupemismo	Kontekstuwal na na Kahulugan sa Filipino
minitulod so edad	Lumarga na ang edad	miyaloks a raga/ mangoda	Tumandang dalaga/ binata
miyataman taribasok	Naging abala na sa pagsasaka	da miyapasad iyan	Walang natapos

Kung titingnan ang pagkakaila tungkol sa isang bagay, hindi magandang gawain, subalit ang ganitong bagay ay maituturing na mayroong katuturan kung ang intensiyon ay mabuti at kung ito din ay ginagamit sa tamang rason.

7.4 Tungkuling Panlipunan sa Pag-iwas ng mga Salitang Taboo

Ayon sa pagpapakahulugan nina Allan at Burridge (1991) sa salitang taboo ay orihinal itong galing sa pamilya ng Austronesian language na ang ibig sabihin ay “pinagbabawal na ugali” partikular na sa mga ugaling nakakasakit ng tao. Ang paggamit ng mga taboong salita ay maaring may kaugnayan sa mga taong gumagamit nito.

Talahanayan 9

Tungkuling Panlipunan sa Pag-iwas ng mga Salitang Taboo

Tungkuling Panlipunan ng Eupemismong Meranaw sa Pag-Iwas ng mga Salitang Taboo	Literal na kahulugan sa wikang Filipino	Mga salitang Meranaw na ginamitan ng Eupemismo	Kontekstuwal na na Kahulugan sa Filipino
ipon ipon sa likod n dadapuan sa tiyan	Hinihipo sa likod subalit tinatayuan naman ang tiyan	Makatipo	Traydor
Masablaw	Palabiro	Takabor	Sinungaling
Maada	Nawawala	Pembtungun	Baliw
Miyakakup	Gumaan	kiyadaan sa marwang	Nawala sa huwiso
Miyakaumpiya	Nakatulong	Miyakabinasa	Nanira
pilandok kadun akie	Pilandok ka talaga	mapasang i kapangakal	Nang-uuto
mawasa i modol	Basa ang mga labi	busaw a datu	Matakaw na lider

Ang Meranaw ay mayroon maituturing na mga salitang taboo na hindi magandang pakinggan sapagkat ito ay nagpapakita ng pagiging magaspang at masamang ugali ng taong gumagamit nito kundi man ito ay nakakasakit sa taong tumatanggap nito. Kung kaya't sa halip na gamitin ang mga tabooing ito ay binihisan na lamang ito ng mga eupemismo.

Binanggit ni Holder (2002) na ginagamit ang eupemismo kung ang pinag-uusapan ay mga taboo na salita (*sensitibong salita*) samakatuwid ang eupemismo ay ang lenggwaheng ginagamit para umiwas na makasakit ng tao, pagmamaang-maangan sa isang bagay at hindi pagsasabi ng totoo.

8. Resulta ng Pag-aaral

Pagkatapos pag-aralan ang **Mga Kagamitan ng Eupemismong Meranaw at Tungkuling Panlipunan nito** ay nakabuo ng mga resulta na siyang makikita sa ibaba.

Napag-alaman na ang eupemismong Meranaw ay ginagamit sa iba't ibang okasyon katulad ng mga sumusunod: kasal, *peace settlement*, *barangay assembly* at mula sa mga nasabing okasyon ay nakalap ang labing isang daang eupemismo.

Lumabas na mayroong limampung (50) **eupemismo** ang ginagamit sa iba't ibang okasyon ng mga Meranaw. Mayroong labing siyam (19) na eupemismong Meranaw ang ginagamit sa pagsasaayos ng mga *rido o peace settlement*. Sampung (10) eupemismo naman ang ginagamit sa kasal. At dalawampu't isang (21) eupemismong Meranaw ang ginagamit sa mga *barangay assembly*.

Binubuo ng dalawampu't apat (24) ang **kagamitan ng eupemismong** Meranaw. Ito ay nahahati sa anim (6) na eupemismo sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, apat (4) mula sa magkaibang kasarian, walo (8) sa magkaibang antas at anim (6) naman sa pananaw ng bawat indibidwal.

Lumabas na binubuo ng dalawampung tatlong (23) eupemismo ang mayroong **tungkuling panlipunan** na nahahati sa apat na bahagi. Anim (6) para sa kagandahang asal, lima (5) sa pagtakpan ang katotohanan, lima (5) para magkaila, at pito (7) sa pag-iwas ng salitang taboo.

Ang eupemismo ng wikang Meranaw ay nagtataglay ng apat na kagamitan at ito ay ang mga sumusunod: katangian gamitin sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, katangian sa paggamit ng magkaibang kasarian, katangian na ginagamit mula sa iba't ibang antas ng lipunan, at katangian na ginagamit mula sa pananaw ng bawat indibidwal.

Sa bawat kagamitan ng eupemismong Meranaw ay kaakibat ang tungkuling panlipunan nito. Katulad ng tungkulin ng kagandahang asal, tungkuling pagtakpan ang katotohanan, tungkuling umiwas sa mga salitang taboo, tungkuling magkaila.

9. Implikasyon ng Eupemismong Meranaw sa Lipunan sa Pang-araw-araw na Pakikipagkomunikasyon

Ang pag-aaral na ito ay pinamagatang **Mga Kagamitan ng Eupemismong Meranaw at Tungkuling Panlipunan nito**. Sa panahon ngayon, bukas na sa isipan ng mga tao ang pag-usbong ng lipunan at sa bawat pag-usbong na ito ay sumasabay rin ang paglawak at pagbabago ng wikang ginagamit dito. Ika nga ng mga eksperto, ang wika at lipunan ay magkabuhol na hindi kailanman mapaghihiwalay. Sa madaling salita, ginagamit ang wika upang magkaunawaan ang mga tao na siyang nagiging daan upang makamit ang matagumpay na lipunan. Samantala, upang makamit ang matagumpay na samahan ng wika at lipunan ay kadalasang pumapasok ang paggamit ng mga eupemismo. Kilala sa tawag na “eupemistikong pagpapahayag”, bawat salitang eupemismo ay mayroong katangian na siyang nagpapalitaw sa tungkulin nito sa lipunan.

Ang mga kagamitan na ito ay maaring mula sa ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, ginagamit ng magkaibang kasarian, ginagamit mula sa iba't ibang antas ng lipunan, at ginagamit mula sa pananaw ng bawat indibidwal. Ganoon pa man, pinalilitaw nito ang tungkulin nito sa lipunan katulad ng mga sumusunod: tungkulin ng pagkakaroon ng kagandahang asal, tungkuling pagtakpan ang katotohanan, tungkuling umiwas sa paggamit ng mga salitang taboo, at tungkuling magkaila. Ang pagbigkas ng mga salitang eupemismo ng wikang Meranaw ay maaring ma-isagawa sa iba't ibang okasyon katulad ng kasal, *peace settlement*, at *barangay assembly*. Layunin ng paggamit ng eupemismo na magpakita ng paggalang sa mga taong tumatanggap nito. Batid ng lahat na mayroong mga salitang hindi kaaya-aya sa pandinig ng iba o maaring makasira sa dignidad ng ibang tao kapag ito ay binigkas sa pampublikong lugar. Kung kaya't sa pamamagitan

ng pagbihis ng makabagong salita (eupemismo) ay nababawasan ang bigat at sakit na dulot ng makatotohanan sitwasyon.

Samakatuwid, marapat lamang na maipabatid sa mga Meranaw, lalo na sa mga kabataan na ang paggamit ng eupemismo ay napakahalaga na dapat bigyang pansin upang makamit ang lipunang minimithi. Ang paggamit ng eupemismo sa pakikisalamuha sa harap ng isang tao o maging sa pampublikong lugar ay tanda ng pagkakaroon ng magandang ugali at pagiging marespeto sa kapwa. Layunin ng mga salitang eupemismo na pagaanin ang mga bagay o sitwasyon na para sa iba ay masakit at nakakasaling damdamin. Sa pamamagitan ng pagbihis dito ng mga kaaya-ayang salita na kung hindi man nakasisiya ay nakakabawas naman ng sakit na nararamdaman. Sa madaling salita, maraming mga Meranaw na hanggang ngayon ay gumagamit pa rin ng eupemismo sapagkat ito ay parte ng kanilang kultura.

BIBLIOGRAPIYA

Mga Libro

- Alego, J. and Pyles, T. *The Origins and Development of English Language*. New York: Wordsworth Press, 2009.
- Allan, K. and Burridge, K. *Forbidden Words*. Cambridge: Cambridge University Press, 2007.
- Allan, K. and Burridge, K. *Forbidden Words: Taboo and the Censoring of Language*. Cambridge: Cambridge University Press, 2006.
- Allan, K. and Burridge, K. *Euphemisms and Dysphemism: Language Used as Shield and Weapon*. New York: Oxford University Press, 1991.
- Babasoro, P. R. et, al. *Sining ng Komunikasyon*. Mutya Publishing House, Inc.#6 Baltazar St., Pacheco Village, Balubaran, Vaenzuela City, 2003.
- Brown, P. and Levinson, S. C. *Politeness: Some Universals in Language Usage*. Cambridge: Cambridge University Press., 1987.
- Bunye Maria V. R. and Yap E. P. *Cebuano for Beginners*. PALI Language Texts: Philippines (Pacific and Asian Linguistics Institute), 1971.
- Burridge, K. *Blooming English*. New York: Cambridge University Press, 2004.

- Burridge, K. *Weeds in the Garden of Words: Further Observations on the Tangled History of the English Language*. Cambridge: Cambridge University Press, 2005.
- Brooks, N. *Learning: Theory and Practice*, 2nd ed. New York: Harcourt, Yale University, 1984.
- Calamian, M. L. *Pedagohikal na Gramar ng Wikang Meranaw- Panimulang Modelo*. Grandstream Publishing Center: San Joaquin, Pasig City, 2014.
- Constantino, G. R. *Wika Linggwistika at Bilinggwalismo sa Pilipinas*. Rex Book Store Inc., 1985.
- Fernández de la T., María D., and Francisco S. "Perspectiva Léxica y Repercusiones Sexistas de Eufemismos y Disfemismos Ingleses Referidos a las Prostitutas Conceptualizadas como Animals". María Dolores Fernández de la Torre, ed. *El Sexismo en el Lenguaje*. Málaga: Universidad, 1999.
- Goatly, Andrew. *The Language of Metaphors*. London: Routledge, 1997.
- Gabriel, R. S. *Wika ko Sining ng Komunikasyon sa Kolehiyo, Unang Edisyon*. University Book Center. MSU, Marawi City, 2005.
- Gómez, M. C. *Towards A New Approach to the Linguistic Definition of Euphemism*. Language Sciences, 2009.
- Goffman, E. *Interaction Ritual. Essays on Face to Face Behaviour*. Garden City, New York: Doubleday, 1955.
- Holder, R.W. *How Not to Say What You Mean: A Dictionary of Euphemisms*. Oxford: Oxford University Press, 2002.
- Hudson, R. A. *Sociolinguistics*, 2nd ed. Cambridge: Cambridge University Press, 1996.
- Keyes, R. *Euphemania: Our Love with Euphemism*. New York: Brown Company Press, 2010.
- Lakoff, R. *Language and Woman's Place*. New York: Harper, 1975.
- Levinson, B., P. et al. *Politeness: Some Universals in Language Usage*. Cambridge: Cambridge University Press, 1987.

- Lieber, R. *Introducing Morphology*. United States of America: Cambridge University Press, 2009.
- Mencken, H. *The American Language*. New York, 1963.
- Neaman, J. S. and Silver, C. G. *Kind Words – A Treasure of Euphemisms*. New York: Facts on File. World Publishing Corp., 1983.
- Neaman, J. and Silver, C. *Kind Words: A Thesaurus of Euphemisms*. New York: McGraw Hill Publishers, Inc, 1990.
- Neamann, Judith and Carole Silver. *Kind Words: A Thesaurus of Euphemisms*. New York: First Avon Books Trade Printing, 1991.
- Nydell, M. K. 4th ed. *Understanding Arabs: A Guide for Modern Times*. USA: Intercultural Press, Inc, 2006.
- Pan, Q. *Theory and Practice in Language Studies*. Academy Publisher. Finland, 1987.
- Rawson, H. *Rawson's Dictionary of Euphemisms and Other Doubletalk*. New York: Crown Publishers, Inc, 1995.
- Rawson, H. *A Dictionary of Euphemisms and Other Double Talk*. New York: Crown Publishers, 1981.
- Wardhaugh R. *An Introduction to Socio-Linguistics*. London: Basil Blackwell Press, 1986.
- Wardhaugh, R. *An Introduction to Sociolinguistics*, 6th ed. USA: Wiley-Blackwell, 2010.
- Webster, N. *Webster's Third New International Dictionary*. New York, (2000).
- Williams, Joseph and Shipley, Joseph. *Origins of English Language: A Social and Linguistic History*. New York : Free Press, 1975.

Tesis at Disertasyon

- Samoškaitė, Laura. "21st Century Political Euphemisms In English Newspapers: Semantic And Structural Study". M.A. Thesis, Vilnius Pedagogical University, 2011.

Jačková, Martina. "Euphemisms in Today's English". M.A Thesis, Tomas Bata University, 2010.

Ghounane, Nadia A. "Sociolinguistic View of Taboo Language and Euphemisms in the Algerian Society: Attitudes and Beliefs in Tlemcen Speech Community". Doctoral Dissertation, Tlemcen University, 2013.

Kaosa-Ad, Rommayasin. "English Euphemism as Used by Native Speakers of English and of Thai". M.A Thesis, Srinakharinwirot University, 2009.

Mahmoud, ZeinabAbd-eljalilAbd-elrahim. "Using Euphemism and Impolite Language among University Students". Sudan University of Science and Technology College of Graduate Studies, 2015.

A. Journal

Fernández Fontecha. A. and Jimenez Catalan, R. M. "Semantic Derogation in Animal Metaphor: A Contrastive Study of Two Male/Female Examples in English and Spanish". *Journal of Pragmatics* 35 (2003): 771-797.

Fernandez, E. C. "Sexually Explicit Euphemism in Martin Amis' s Yellow Dog", *Journal of English and American Studies* 33 (2006): 11-30.

Grant, L. T. "Public Doublespeak: Badge Language, Realityspeak, and the Great Watergate Euphemism Hunt". *College English* 39(2) (1977): 246-253.

McGlone, M. and Batchelor, J. Looking Out for Number One: Euphemisms and Face". *Journal of Communication*, 2003.

Pan, Q. "A Tentative Study on the Functions and Applications of English Euphemism". *Theory and Practice in Language Studies*, 3 (2013).

APPENDIKS. INSTRUMENTO NG BALIDASYON SA MGA EUPEMISMONG MERANAW

A. Personal na Datos

B. Pag-aaral sa mga Eupemismo ng wikang Meranaw

1. Ang mga sumusunod ay mga nakalap na **Eupemismo ng wikang Meranaw** mula sa mga okasyon katulad ng mga sumusunod: *Peace Settlement, Kasal, Brgy. Assembly*. Mangyari pong pakilagyan ng check (/) kung ang kahulugan ay katanggap-tanggap. Sakali pong hindi katanggap-tanggap ay maari po kayong magbigay ng mungkahi.

Wikang Meranaw	Eupemismong Taglay	Kahulugan sa wikang Filipino	Tanggap	Di-Katanggap tanggap	Mga Mungkahi
Pobre	miskin, da ruk iyan	Mahirap			
Lokes	miyambuway	Matanda			
Kiyawlitán	mitagumpiya	Tumaba			
Pagte	miyagnos, kuminisar so lawas	Pumayat			
pkawdo	pkasong sa dusal	Nataatae			
ikaduwaá karuma	pgalongan, pagariya	ikalawang asawa			
maarte	di katembo	hindi maabot			
mapasang i kapamimikir	malantas i kapamimikiran	Magaling mag-isip			
mado	di mapiya baw	Mabaho			
pakalipatan	Rendangun	Kalimutan			
marata i adat	di mapiya i ungar	Masama ang ugali			
tekaw	kakud, da kibtd	Magnanakaw			
kawasa	mauyyag	Mayaman			

Wikang Meranaw	Eupemismong Taglay	Kahulugan sa wikang Filipino	Tanggap	Di-Katangap tanggap	Mga Mungkahi
makatipo	ipon ipon sa likod n dadapuan sa tiyan	Traydor			
malbud suguon	kalalagan	Madaling utusan			
pkagutem					
da kakan iyan	pkamermeran, kapipiluan	Walang makain			
madakul	mikasol	Marami			
talibuno	tanganyaya	Mamatay tao			
miyangakal	palalalim	Mapanlinlang			
di mapiya a taw	kalilid a taw	Nasa mababang uri ng tao			
mapiya a taw	mala i daradat	Nasa mataas na uring tao			
inipakipalugayanuwa	miyakipangunota sa mama	Nagtanan			
miyakipangangaruk	miyakisiyuma	Nakipaghalikan			
kiyadaan sa galbuk	ruminisayn ko galbuk iyan/ dumika	Nawalan ng trabaho			
da a walay niyan	da a torogan iyan	Walang bahay			
miyakalabuso	miyakduka so wata aka	Nakulong			
di pkatoon sa galbuk	malengga ka i ukor	Hindi makahanap ng trabaho			
mayto i dori	Matudtod I mahar	Maliit ang dori			
di mapiya i galbuk	Madaraynunen	Hindi maganda ang trabaho			
miyapobre	mikurang so tamok, miyaminus	Naghirap			
di mamali baling	di dadalusdalus	Nakitira			
mapasang i kapangilay sa galbuk		Magaling maghanap ng trabaho			

Wikang Meranaw	Eupemismong Taglay	Kahulugan sa wikang Filipino	Tanggap	Di-Katangap tanggap	Mga Mungkahi
miyatay	mindod sa limo o allah, tiyarima o allah, mibalinganko allah, kabaya o allah, linimo o allah, miyawma so takus	Namatay			
papatayan	da tanudan, sakaratol mawt	Naghihingalo			
miyamatay siran	miyadisgrasya siran a pamilya, tiniyuba siran o allah a is aka pamilya, linomo sira o allah a is aka pamilya	Namatay sila			
mala i sakit	rurukoyn	May malubhang sakit			
miyatkaw a kiyapatay niyan	pakamemesa a kiada iyan	Biglaang pagkamatay			
da makanaw	da makanaw	Hindi na nagising			
minipakibubus	inipagiyawa iyan so wata iyan	Nagpalaglag			
biyuno	kiyalingowan	Pinatay			
kiyabuguwasan		nalaglagan			
miyawgat	lumipas ron	Nabuntis			
udo ka kon ah	miyakasong sa ig	Tumae kana			
miyakatot	bande ka miyakagdam,	Nakautot			
miyangilay sa kawduwan niyan	miluba sa katanaan niyan	Naghanap ng CR			
miyamanakit a tiyan niyan	psahal a tiyan iyan	Sumakit ang tiyan			
di pkawdo	ptaganan	Hindi makatae			
miyaloks	miyambuway	Tumanda			
miyakaguwa	miyanguta	Nagsuka			
kiyawkawlitian	miyakala	Tumaba			
marata i buntal	di sungko sungkor i buntal	Pangit ang mukha			

Wikang Meranaw	Eupemismong Taglay	Kahulugan sa wikang Filipino	Tanggap	Di-Katangap tanggap	Mga Mungkahi
maito a taw	matangka i kala, sampuroten	Maliit na tao			
upaw	di pkatas a bok iyan	Upaw			
adun a sadir iyan	adun a pawing iyan	Mayroong kapansanan			
knaba mapasang	malengga,	Hindi magaling			
di matao	pu ko inikadakla	Hindi marunong			
bungi	mlilie	Bungi			
miyailay so lawas o babay	miyadiyampa	Nakita ang katawan ng babae			
pkaruma	miyagigai.	Magsesex			
tilaka	abusador, tangalandada	Walang kuwenta			
pembtungen	pkaribat, pkalipa-lipat	Baliw			
da kaya iyan	da a pamalaw niyan	Walang hiya			
kiyadaan sa marwang	miyakakup, kiyadaan sa ukad, mikoyakas so mamala	Nawala sa huwisyo			
miyakasapir	miyakadalanda, miyakarimpas	Namulto			
miyakuwa a diyaman	miyangayag sa taw	Napahiya			
pegembaw	miyabembar, sumiyalpot	Nangangamoy			
miyaloks a raga	minitulod so edad, pitaidan, piyagpatan	Tumandang dalaga			
miyaloks a mangoda	minitulod so edad, pitaidan, piyagpatan	Tumandang binata			
di pembawata	di pkaritan	Walang kakayahang magka-anak			
karengki	sasampurotun	Unano			
tekaw	malima-lima	Magnanakaw			

Wikang Meranaw	Eupemismong Taglay	Kahulugan sa wikang Filipino	Tanggap	Di-Katangap tanggap	Mga Mungkahi
di maminasa	tangarasi	Naninira			
matanog i kasinga	matalinting i lagam	Malakas tumawa			
apiya kiyagtan	apiya miyatampar ko allah, apiya misarupatay	Bahala siya			
mala i btang	mala i rarangit, pgayagan	Malaki ang dori			
mawatan a mbidaan	di makaparua				
piyangataowan	kiya-amukan, piyangambong	Ginayuma			
kalusak	malanat i galbuk, malunga	Mahina magtrabaho			
da loks iyan	wata i ilo, da raot sa loks, miyatarambisa				
ptelaan	mala i babaya, di niyan kagangun a ginawa niyan	Walang magulang			
tamagidaan	tanganakan, talingabayaan	Maraming syota			
da kabaya on	di pangungusemun	Walang nagkakagusto			
miyabalo	miyataribalay	Namatayan			
marsik	di lumpiyo	Madumi			
kuminowa sa karuma niyan	piyangunotan sa baya a ginawa	Nagtanan			
miyalalong	miyarembung, miyatambung	Napariwara			
miyawgat a raga	miyagingay, miyakasukat	Nabuntis na dalaga			
miyawgat a adun karuma niyan	miyarembit	Nabuntis na mayroong asawa			
tangimporowan	masalimbatugen sa ginawa	Mapagmataas			
mala i rata a ginawa	saki-sakitun i ginawa, marunot i rata a ginawa	Maramdamin			

Wikang Meranaw	Eupemismong Taglay	Kahulugan sa wikang Filipino	Tanggap	Di-Katangap tanggap	Mga Mungkahi
mapasang i kapangakal	pilandok kadun akie	Nang-uuto			
di akn kabayaan	bubuklen ako ron	Hindi ko gusto			
di akn tomoon	di tatabangan a ayog akn	Ayaw ko			
inawaan o karuma niyan	giyanatan a lilang	Nilayasan ng asawa			
miyakadakdakul i wata	makarik i moriatao	Maraming anak			
tarangni	makauumana	Mahilig maghinggi			
da lalag iyan	da ungangun iyan	Walang			
takabor	masablaw,	Sinungaling			
miyalaklak	da panukata, miyagos	Nawalan ng saysay			
miyakabinasa	miyakaumpiya, awid a akal	Nanira			
kiyadaan sa bali	rumiyoran sa pura	Nawalan ng halaga			
miyahospital	kumiyonsulat	Nahospital			
da miyapasad iyan	miyataman taribasok	Walang na tapos			
boda	di matao, lalag a wata	Tanga			
taguraok	runo i lo	Iyakin			
busaw a datu/	mawasa i modol, mala i nunga	Matakaw na lider			
mala i kakan	mala i pananaguay	Malakas kumain			
pembtungun	maukap-ukap, maada	Baliw			
mala i benung	madapa i kabenung, solar	Malaki ang noo			
tanganan	bandusa i baka	Babalo			
totorayn					
da okor iyan	kurang i untong	Hindi mapalad			
marangit	di pagayagan	Magalitin			
marata i adat	rabo-rabotun	Masama ang ugali			

Wikang Meranaw	Eupemismong Taglay	Kahulugan sa wikang Filipino	Tanggap	Di-Katangap tanggap	Mga Mungkahi
di matao sabar	da lugar iyan	Hindi marunong magpasensya			
bisaya	kadam, tagikor	Katulong			
balilipatun	madaraynunen, matalipendu	Makakalimutin			
kiyalnganan sa perak	pitamanan	Naubusan ng pera			
di masusuwat	di mapaparo	Hindi komportable			
mayt	miyawma a limo	Bangkay			
taga puro	Ibubunganen	Promdi			
taleng	Pupukaten	Tanga			
baradusa	di masanggela	Makasalanan			
inrep	inipalagoy a mama	Pinagsamantalahan			
liyobed a mama	giyapos, kiyaptan	Menolistiya			
tiyaplak	tiyanaan a lima	Sinampal			
pisuntoka	piyakatanaan sa lima	Binugbog			
dimreba	kapamagangkat, pkaisug sa tamok	Nagpapautang ng may tubo			
tamaganta	madakul i kataro	Tsismosa			
miyawma so bangkit	miyatarotop so omor o donya	Katapusan ng mundo			
	ibebetad a atoran	patakaran			
madakul a taw	Kalilimod	Maraming tao			
pkasarili niyan					
tiyapkan	inawaan a bisita	Menoposal			
di kawgat	Milanday	Hindi mabuntis			
di pkawgat	diron makapuron	Hindi makabuntis			
mala i lalag a wata	marabo-rabotun a wata				
knaba mapiya i kandatu	masamiliin i kandato	Hindi maganda ang pamamalakad			